



PAGLILISENSYA SA NEGOSYO SA JASPER

PAANO MAG-APPLY PARA SA ISANG LISENSYA SA NEGOSYO

- 1** Ang mga inaasahan na opereytor ng negosyo ay mag-i-email sa jasperbusinesslicense@canada.ca na may pagsasalawanan ng pagsasalaysay ng iminungkahing negosyo. Ang Parks Canada ay susuriin ang aplikasyon upang mitiyak ang uri ng negosyo at ang iminungkahing lokasyon ay sumunod sa mga regulasyon sa Paggamit ng Lupa sa Bayan ng Jasper (Town of Jasper Land Use Regulations).
- 2** Kung ang iminungkahing negosyo ay sumusunod sa mga regulasyon, hihiling ang Parks Canada ng kasunduan ng sub-lease o pagpapaupa ng lugar sa pagitan ng tagapagtaguyod at tagaupa. Ang Parks Canada ay maghahanda ng isang liham ng pahintulot. Ang bayad para sa pahintulot na ito ay \$98.10. Kung ang may-ari ng gusali ang nag-aaplay walang kinakailangan para sa isang sub-lease.
- 3** Kung ang iminungkahing negosyo ay isang negosyong kailangan ng mabuting pagpapasiya o diskretionaring negosyo* tulad ng nakabalangkas sa regulasyon ng Paggamit ng Lupa sa Bayan ng Jasper, ang tagataguyod ay dadaan sa pamamagitan ng Parks Canada's Planning and Development Advisory Committee (PDAC) para sa pagsasaalang-alang ng kanilang aplikasyon.
**Ayon sa mga regulasyon sa Paggamit ng Lupa sa Bayan ng Jasper ang bawat sonang distrito sa Bayan ng Jasper ay may isang listahan ng pinahihintulutan at mga diskresyong paggamit. Ang isang diskresyong paggamit ay isang paggamit na hindi malinaw na pinahihintulutan ngunit maaaring pahintulutan sa isang partikular na sona sa pamamagitan ng pagdaan sa isang proseso ng konsultasyon sa publiko.*
- 4** Kung plano ng aplikante na patakbuhan lamang ang kanilang negosyo sa loob ng hangganan ng bayan, hihilingin sa kanila na kumuha ng isang lisensya sa negosyo mula sa Munisipalidad ng Jasper. Kung ang aplikante ay nagpapalano na patakbuhan ang kanilang negosyo sa labas ng hangganan ng bayan, hihilingin sa kanila na kumuha ng isang lisensya sa negosyo mula sa Parks Canada. Ang isang negosyo na nagpapatakbo sa parehong hurisdiksyon ay dapat kumuha ng isang lisensya sa negosyo mula sa Parks Canada pati na rin mula sa Munisipalidad ng Jasper.
- 5** Bago ang pagpapalabas ng isang lisensya sa negosyo, Ang tagataguyod ay maaaring kailanganing magbigay ng mga sumusunod na dokumento tulad ng nakasaad sa form ng aplikasyon ng lisensya sa negosyo:
 - Inspeksyon sa Pagsunod sa Parks Canada (Parks Canada Compliance Inspection)
 - Inspeksyon sa Fire Safety Code (Fire Safety Code Inspection)
 - Inspeksyon sa Kalusugan (Health Inspection)
 - Sertipiko ng Seguro sa Pananagutan sa Komersyo (Certification of Commercial Liability Insurance) (na di-bababa sa \$2 milyon)
 - Sertipiko ng Pagsasama, Katayuan o pagpaparehistro ng negosyo sa lalawigan (Certificate of Incorporation, Status or registration of business with the Province)
 - Numero sa Worker's Compensation Board (WCB) o Worker's Compensation Board (WCB) numberMaaaring kailanganin din ang karagdagang dokumentasyon.
- 6** Kapag ang isang aplikasyon ng lisensya sa negosyo ay naisumite at naaprubahan ng namamahala sa pag-isyu (Parks Canada at/o Munisipalidad ng Jasper) babayaran ng aplikante ang kanilang (mga) bayarin sa lisensya sa negosyo.

**BISITAHIN ANG MGA WEBPAGE NG PAGLILISENSYA SA NEGOSYO
PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON**

Parks Canada – Ingles: www.parkscanada.gc.ca/jasper-permits Pranses: www.parcscanada.gc.ca/permis-jasper
Munisipalidad ng Jasper – www.jasper-alberta.com/2231/Business-Licenses